Mobile na Grupo sa Pagtugon sa Krisis (Mobile Crisis Response Team, MCRT)

Pagtugon sa Krisis sa Kalusugan ng Pag-uugali sa Mga Paaralan

Inilunsad ng County ng San Diego noong Enero 2021, ang **Programang Mobile na Grupo sa Pagtugon sa Krisis (MCRT)** ay serbisyo sa buong county na nagbibigay ng alternatibong opsyon sa pagtugon para sa mga taong nakakaranas ng krisis sa kalusugan ng isip o krisis na may kaugnayan sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak anuman ang edad. Ang mga MCRT na hindi tagapagpatupad ng batas ay tumutugon, sinusuri at pinahuhupa ang mga krisis sa kalusugan ng pag-uugali sa komunidad.

Simula noong Nobyembre 2024, maaaring nagpadala ng mga MCRT sa mga charter school, adult school at mga pampublikong school district sa San Diego County (grade K-12) para tumugon sa mga panawagan sa krisis sa pag-uugali. Hindi makakatugon ang MCRT sa mga pribadong paaralan.

Paano maa-access ng mga paaralan ang MCRT?

Sa mga oras ng paaralan:

- **Para sa mga paaralan sa Carlsbad, Oceanside, Pendleton, San Dieguito, at Vista:**
  Dapat tawagan ng tauhan ng paaralan ang direktang numero ng telepono para sa Exodus MCRT na ibinigay sa kanila.
- **Para sa mga paaralan sa lahat ng iba pang bahagi ng San Diego County:**
  Dapat tawagan ng tauhan ng paaralan ang direktang numero ng telepono para sa Telecare MCRT na ibinigay sa kanila.

Pagkatapos ng oras ng paaralan o para sa pagtugon sa komunidad o mga serbisyong pang-emergency:

- Tawagan ang **Linya para sa Access at Krisis ng San Diego (Access & Crisis Line, ACL)** sa **888-724-7240** o **988**.

Natatanggap ng MCRT dispatch center ang tawag ng paaralan → **Sinusuri ng MCRT dispatch center** → **Nagpapadala ng naaangkop na grupo sa pagtugon**

Paano matutulungan ng MCRT ang mga paaralan?

Ang mga MCRT ay maaaring tumugon sa mga tawag tungkol sa krisis sa kalusugan ng pag-uugali sa mga paaralan kung mayroong alam na banta ng karahasan o medikal na emergency. Depende sa sitwasyon, ang MCRT ay maaaring:

- Magbigay ng mga assessment
- Gumamit ng interbensyon sa krisis at mga pamamaraan para mapahupa ang krisis
- Magpasimula at maghatid ng 5585* (5150) hold kapag walang alalahanin sa kaligtasan
- Gumawa ng mga ugnayan sa naaangkop na mga serbisyo at mapagkukunan para sa kalusugan ng pag-uugali, magbigay ng inisyal na koordinasyon para sa mga serbisyo sa paggamot gaya ng kailangan, at mag-follow up nang hanggang 30 araw pagkatapos ng inisyal na serbisyo

**72 oras na pag-hold sa ospital dahil sa sakit sa isip kapag nasuri ang menor de edad na magiging mapanganib sa kanilang sarili, sa ibang tao o walang kakayahang makapagdesisyon dahil sa kondisyon sa isip.*

I-scan para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang sandiegocounty.gov/mcrt

Kung hindi ka sigurado kung ano ang gagawin o kung ano ang kailangan mo, tawagan ang MCRT para kumonsulta sa isang sinanay na eksperto.

11/6/24

Makipag-ugnayan sa Mga Mapagkukunan

Tumawag sa 888-724-7240 para makipag-ugnayan sa **San Diego Access and Crisis Line** para sa libre at kumpidensyal na suporta at tulong sa pagsiyasat sa mga serbisyo, na available nang 24/7 sa mahigit 200 wika.

Tumwag sa 988 para makipag-ugnayan sa **Suicide & Crisis Lifeline** network ng bansa para sa mga call center sa krisis.